City of Seattle
Department of Finance
Dwight Dively, Director

# ISANG GABAY PARA SA MGA MAMAMAYAN UKOL SA PROSESO NG BUDGET NG LUNGSOD NG SEATTLE

## Administrasyon ng Lungsod

Ang Lungsod ng Seattle ay nagkakaloob ng maraming mga serbisyo, kasama na ang proteksyon mula sa pulisya, mga bombero, mga emerhensyang serbisyo na medikal, mga parke, aklatan, at ilang mga programa para sa serbisyong panlipunan. Ang lungsod ay nagtutustos at sumisingil din para sa kuryente, tubig, paagusan, pag-recycle, at serbisyo sa pangangalap ng basura. Ang Lungsod ng Seattle ay hindi namamahala sa mga paaralan, kolehiyo, o sistema para sa bus. Ang Distritong Paaralan ng Seattle ay nakahiwalay na pamamahala na nangangasiwa sa mga pampublikong paaralan. Ang King County Metro ay isa pang pamamahala na responsable para sa sistema ng bus, paggamot sa paagusan, at karamihan sa mga korte. Ang administrasyon ng Estado ng Washington ay nagkakaloob ng pera para sa mga unibersidad, kolehiyo ng komunidad, at karamihan sa mga programa ng serbisyo sa kalusugan at panlipunan.

Ang Lungsod ay kumukuha ng pera mula sa mga buwis, kasama na ang mga buwis sa ari-arian, mga nabenta (retail sales), at mga negosyo. Naniningil din ang Lungsod para sa mga programa at aktibidad, tulad ng mga utility, mga swimming pool, at mga permiso ng gusali.

## Ang Budget ng Lungsod sa Isang Iglap

Ang Alkalde ng Seattle ay responsable sa pangangasiwa ng administrasyon ng Lungsod. Taun-taon, ang Alkalde ay nagmumungkahi ng budget sa Konseho ng Lungod. Ang siyam na miyembro ng Konseho ng Lungsod ay nagtataguyod ng patakaran para sa administrasyon ng Lungsod. Nirerepaso ng Konseho ng Lungsod ang nai-mungkahing budget ng Alkalde, nagsasagawa ng mga pagbabago, at pinapatibay ang panghuling budget. Bago bumoto ang mga ito, Ang Konseho ng Lungsod ay nagsasagawa ng pampublikong mga pulong upang marinig mismo sa mga naninirahan kung paano sa palagay nila dapat gastusin ang pera ng Lungsod. Karamihan sa mga tao ay pinag-tutuunan ng pansin ang "Pangkalahatang Pondo" na bahagi ng budget ng Lungsod dahil ito ang naglalaan ng mga tradisyonal na serbisyo ng administrasyon sa lungsod, tulad ng pulisya, bumbero, mga parke at aklatan.

Hinihiling ng batas ng estado ng Washington na magpatibay ng isang budget sa pagsapit ng Disyembre 2 ng bawat taon para sa darating na taon. Dapat ay balanse ang budget, na may nakatalang kita na halos katumbas ng gastusin. Ang mga halaga ng gastusin, na tinatawag bilang “paglalaan ng gugugulin (appropriations),” ay itinatatag kapag ang budget ay ipinatibay ng Konseho ng Lungsod, at hindi maaaring baguhin nang walang karagdagang pagboboto ng Konseho ng Lungsod.

## Paghahanda ng Budget

Ang pagtatrabaho sa iminungkahing budget ay karaniwang nagsisimula sa Pebrero at natatapos kapag ito ay naibigay sa Konseho ng Lungsod, kadalasan ay sa huling Lunes ng Setyembre. Dalawang dokumento ang isinu-sumite: isang "budget" at isang "programa sa pagpapaunlad ng kapital (capital improvement program o CIP)".

Nasasakop sa budget ang lahat ng mga operasyon ng Lungsod. Ang budget ay ang dokumento kung saan legal na pinapahintulutan ang Lungsod sa paggastos sa sandaling ito ay ipatibay ng Konseho ng Lungsod.

Ang CIP ay kasama ng budget at nagkakaloob ng impormasyon tungkol sa lahat ng mga kapital ng proyekto ng Lungsod. Ang mga Kapital ng proyekto ay iyong mga pag-aayos, pagpapahusay o pagdadagdag sa mga pasilidad ng Lungsod. Ang mga bagong aklatan, pag-aayos ng kalsada, bangketa, mga tubo para sa tubig, pagpapaganda ng parke, at mga himpilan ng bumbero ay lahat mga halimbawa ng mga proyekto ng CIP. Ang CIP ay nagpa-plano nang anim na taon at naa-update bawat taon. Ang CIP ay isang kagamitan sa pagpa-plano, na sumusuporta sa tunay na paglalaan ng gugugulin na salapi (appropriations) na ginawa gamit ang budget.

Upang ihanda ang budget, ang Lungsod ng Department of Finance (DOF) ay nagsisimula sa isang "batayang" budget, kung saan ay nababatay sa inaasahang halaga upang ipagpatuloy ang mga "kasalukuyang serbisyo." Kabilang sa mga kasalukuyang serbisyo ang mga programa at serbisyo na inilalaan ng Lungsod noong nakaraan taon, pati na rin ang mga pananagutan na makaka-apekto sa mga halaga sa susunod na taon, tulad ng naaprubahan ng botante na buwis para sa pagpapahusay ng transportasyon, pati na rin ang mga kasunduan ukol sa trabaho at mga pagbabago pangangalaga ng kalusugan at iba pang mga singil.

Ang DOF ay gumagawa ng dalawang mga forecast ng kinita, isa sa Abril at isa sa Agosto, na ginagamit upang makapagpasya kung ang Lungsod ay magkakaroon ng sapat na pera upang masakop ang inaasahang mga halaga para sa budget ng mga "kasalukuyang serbisyo". Ang mga kikitain sa budget ay batay sa naunang 12 buwan na karanasan. Sa sandaling nalaman na ng Alkalde kung gaano kadaming pera ang maaaring magamit, maaari siyang magpasya kung may kakailanganin na bawasan mula sa budget, o maaaring idagdag, o kung may bagong pagmumula ng kita, tulad ng pagtaas ng singil, ay kinakailangan na imungkahi upang masakupan ang mga serbisyo na nais ihandog ng Alkalde.

Sa Mayo, ang mga departamento ay magkakaloob sa DOF na isang preview ng mga hinihiling na pagbabago sa kanilang kasalukuyang mga budget. Ang mga kahilingan ay tinatawag na "Budget Issue Papers" o "mga BIP." Ang mga BIP ay nagkakaloob ng maigsing paglalarawan ng mga tiyak na iminungkahing pagbabawas o pagdagdag sa budget. Nirerepaso ng DOF at ng Alkalde ang mga kahilingang ito at naglalaan ng gabay sa mga departamento sa Hunyo.

Sa umpisa ng Hulyo, ang DOF ay tumatanggap ng mga budget mula sa lahat ng mga departamento at tumatanggap ng mga panukala mula sa mga departamento na may kapital sa proyekto.

Sa buwan ng Agosto, nirerepaso at tinatasa ng DOF at ng Alkalde ang mga panukala para sa budget ng departamento, at binabalanse ang mga ito gamit ang mga handang kita. Sa sandaling nakapag-desisyon ang Alkalde, magtatrabaho ang DOF kasama ang mga departamento upang ihanda ang inihandang budget at CIP.

Ang budget at CIP ng Seattle ay inilalarawan kung paano gagastusin ang mga naaprubahang pondo. Ang lungsod ay tatanggap ng mga grant at iba pang pera mula sa gobyernong pederal at estado. Karamihan sa mga grant ay para sa mga tiyak na programang panlipunan o mga proyekto hinggil sa transportasyon.

Sa katapusan ng Setyembre, isu-sumite ng Alkalde ang namungkahing budget at CIP sa Konseho ng Lungsod.

## Pagpapatibay ng Budget

Pagkatapos na ma-sumite ng Alkalde ang mungkahing budget at CIP, nagsasagawa ang Konseho ng Lungsod ng mga pampublikong paglilitis upang marinig nang direkta mula sa mga naninirahan. Pagkatapos ay magrerekomenda ang mga miyembro ng Konseho ng Lungsod ng mga tiyak na kilos para sa budget upang mapag-aralan ng kanilang mga kasamahan. Makalipas na makarinig mula sa mga naninirahan, at marepaso at matasa ang namungkahing budget, magdedesisyon ang Konseho kung aling mga pagbabago ang gusto nitong gawin sa namungkahing budget. Kadalasan ay ipinapatibay ng Konseho ng Lungsod ang budget sa katapusan ng Nobyembre. Kailangang pumasa ang budget na may mayoryang boto - kahit lima sa anim na mga miyembro ng Konseho. Maaaring piliin ng Alkalde na aprubahan ang budget ng Konseho, o i-veto ito, o pahintulutan itong maging isang batas nang wala ang kaniyang pirma. Ang mga kopya ng dokumento ng budget ay handang masiyasat ng publiko sa mga sangay ng Pampublikong Aklatan ng Seattle at sa Internet sa http://www.seattle.gov/financedepartment.

## Iparinig ang Inyong Boses

Ang mga naninirahan sa Seattle ay mayroong ilang mga oportunidad habang isinasagawa ang proseso ng budget bawat taon na ipaalam sa Alkalde at Konseho ng Lungsod kung paano nila nais magastos ang kanilang pera. Bilang karagdagan sa mga espesyal na pampublikong pulong na isinasagawa ng Konseho tuwing taglagas (fall), ang mga naninirahan ay maaaring tumawag at/o sumulat sa Alkalde at Konseho ng Lungsod sa kabuuan ng taon. Upang magkaroon ng epekto sa mungkahi ng Alkalde, ang mga naninirahan ay pinupursige na makipag-ugnayan sa Alkalde sa umpisa nang taon, hangga't maaari.

Ang City Neighborhood Council (CNC) ay naghahandog din ng ibang paraan para sa mga naninirahan na makapagbigay ng ideya sa City's budget. Ang CNC ay isang pinangungunahan ng naninirahan na pangkat pangkonsulta at ang mga miyembro nito ay nahalal mula sa 13 tabing distrito ng Lungsod. Nagaganap ang taunang pulong para ng budget ng CNC sa Pebrero. Pagkatapos ay nagpapadala ng liham ang CNC sa Alkalde at Konseho ng Lungsod na nagbabalangkas ng mga priyoridad ng budget para sa taon. Sa Marso at Abril, nagkikita-kita ang mga konseho ng bayan. Ang mga konseho, kasama na rin ang mga indibiduwal, ay maaaring gumawa ng mga rekomendasyon nang direkta sa mga departamento at/o Alkalde tungkol sa kanilang priyoridad sa budget.